PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapahalaga at pagmamahal Niya sa bawat henerasyon. Ipanalangin na makita mo ang susunod na henerasyon kung paano sila nakikita ng Diyos.
- Angkinin ang pamana ng Diyos para sa iyong henerasyon at sa mga susunod pang henerasyon. Angkinin ang mga pangako ng Diyos na nagpapatuloy sa bawat dumaraang henerasyon.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano ka pa magiging isang pagpapala sa susunod na henerasyon. Ipanalangin na maging bukas ang iyong espirituwal na pandinig sa pagpapalang nais gawin ng Diyos sa kanila at na magkaroon ka ng kalakasan na sumunod at gawin ito.

NOTES

BEYOND

Pagpapala sa Susunod na Henerasyon sa kabila ng Kanilang Kalagayan

WARM-UP

- Naranasan mo na bang makatanggap ng regalo kahit wala namang okasyon? Ano ang nangyari?
- Magkuwento tungkol sa isang gawain na ipinagkatiwala sa iyo ng mga magulang mo o na ipinagkatiwala mo sa iyong anak. Ano ang nangyari sa gawaing ito?
- Magkuwento tungkol sa isang tradisyon ng pamilya mo.

WORD

[20]Dahil sa pananampalataya, binasbasan ni Isaac sina Jacob at Esau para maging mabuti ang hinaharap nila. [21]Dahil sa pananampalataya, binasbasan ni Jacob ang mga anak ni Jose bago siya namatay. At sumamba siya sa Diyos habang nakatukod sa kanyang tungkod.

MGA HEBREO 11:20,21

Sina Isaac at Jacob ang mga ninuno ng bayan ng Israel. Pinuri sila dahil sa pananampalatayang ipinakita nila nang ipanalangin nila ang pagpapala ng kanilang mga anak at apo. Ngayon, titignan natin ang tatlong katotohanan na maaari nating mapulot mula sa mga kuwento nila Isaac at Jacob, nang may malalim na pagsasaalang-alang sa kung paano nakikita ng Diyos ang bawat henerasyon at kung paano tayo maaaring tumugon sa mga katotohanang ito sa ating henerasyon, maging sa mga darating pang henerasyon.

VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

1 Ang Diyos ay Diyos ng iba't ibang henerasyon.

[20]Dahil sa pananampalataya, binasbasan ni Isaac sina Jacob at Esau para maging mabuti ang hinaharap nila. [21]Dahil sa pananampalataya, binasbasan ni Jacob ang mga anak ni Jose bago siya namatay. At sumamba siya sa Diyos habang nakatukod sa kanyang tungkod. **MGA HEBREO 11:20,21**

(Basahin din ang **GENESIS 48:14-16.**)

Sa pagbabasbas ng pagpapala, inangkin nila Isaac at Jacob para sa kanilang mga anak at apo ang pagpapalang unang ibinigay ng Diyos kay Abraham, ang kanilang ninuno. Sa pagtupad sa mga basbas na ito, ipinapakita ng Diyos na pinahahalagahan Niya ang bawat henerasyon at ang Kanyang mga ipinangako ay nagpapatuloy sa mga dumaraang henerasyon. Paano tayo napapatatag ng kaalamang ang Diyos ay Diyos ng iba't ibang henerasyon? Paano rin natin mapahahalagahan ang bawat henerasyon?

2 Ang Diyos ay may pamana sa lahat ng henerasyon.

[20]Dahil sa pananampalataya, binasbasan ni Isaac sina Jacob at Esau para maging mabuti ang hinaharap nila. [21]Dahil sa pananampalataya, binasbasan ni Jacob ang mga anak ni Jose bago siya namatay. At sumamba siya sa Diyos habang nakatukod sa kanyang tungkod. **MGA HEBREO 11:20,21**

Sa Diyos, ang lahat ng henerasyon ay may matatanggap na pamana. Hindi Niya pinapaboran ang isang henerasyon o isang grupo ng mga tao. Sa pagbabasbas nila Jacob at Isaac sa kanilang mga anak at apo, inihahayag nila ang pamana ng Diyos sa susunod na henerasyon. Paano natin maaangkin ang pamana sa atin ng Diyos?

3 Magagamit tayo ng Diyos upang pagpalain ang susunod na henerasyon.

[20]Dahil sa pananampalataya, binasbasan ni Isaac sina Jacob at Esau para maging mabuti ang hinaharap nila. [21]Dahil sa pananampalataya, binasbasan ni Jacob ang mga anak ni Jose bago siya namatay. At sumamba siya sa Diyos habang nakatukod sa kanyang tungkod. **MGA HEBREO 11:20,21**

(Basahin din ang **MGA KAWIKAAN 13:22.**)

Ginagamit ng Diyos ang isang henerasyon upang pagpalain ang isa pang henerasyon. Sa parehong paraan na ginamit ng Diyos sina Isaac at Jacob, maaari rin tayong magamit upang angkinin at maihayag ang pagpapala ng Diyos sa ating mga anak, at maging sa mga henerasyong susunod sa kanila. Paano tayo makikibahagi sa responsibilidad na ito? Ayon sa Kawikaan 13:22, ano ang isang bagay na maaari nating gawin upang mapagpala ang susunod na henerasyon?

APPLICATION

- Paano naapektuhan ang pagkakakilanlan mo sa Diyos ng kaalaman na mahal ka Niya at may pamana Siya sa iyo? Paano ka pa lalalim sa relasyon mo sa Diyos ngayon?
- Paano tayo magagamit ng Diyos para maging pagpapala sa susunod na henerasyon? Araw-araw na hingin sa Diyos na ipakilala Niya ang Kanyang sarili sa iyo at ipaalam sa iyo ang Kanyang mga plano para sa susunod na generasyon.
- Ano ang ilan sa mga paraan upang maipakita mo ngayong linggo ang pagmamahal ng Diyos sa bawat henerasyon?